

# Pagharap sa Iyong mga Pagkakamali

Ang worksheet na ito ay tutulong sa iyo na alamin (1) kung ano ang ginagawa mo kapag nagkakamali ka at (2) kung ano ang mas magandang gawin sa susunod.

## Ano sa palagay mo?

# 1

Bakit hindi inaamin ng ilang kabataan ang mga pagkakamali nila?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

**HALIMBAWA:** “Alam ko ang pagkakamali ko, pero napakahirap aminin ‘yon. Ayokong mag-isip sila ng di-maganda tungkol sa ‘kin.”—Melinda.



# 2

Ano kaya ang iisipin sa iyo ng iba kung lagi mong itinatago ang mga pagkakamali mo?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

**HALIMBAWA:** “Hindi magiging maganda ang tingin sa ‘yo ng iba kung itatago mo ang iyong pagkakamali. Mapagpapasensiyahan nila kung nagkamali ka, pero magagalit sila kapag niloko mo sila.”—Christine.

# 3

Ano naman kaya ang iisipin sa iyo ng iba kung handa kang umaming nagkamali ka?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....


**HALIMBAWA:** “May mga pagkakataong nagkamali ako at inamin ko ‘yon. Sa halip na bumaba ang tingin sa ‘kin ng mga tao, mas nirespeto nila ‘ko.”—Richard.

# Ano ang gagawin mo?




**Hiniram mo ang bike ng tatay mo at nasira ito.**

- Magsasawalang-kibo—at aasang hindi niya ito mapapansin.
- Sasabihin mo sa Daddy mo kung ano talaga ang nangyari.
- Sasabihin mo sa kaniya ang nangyari, pero isisisi mo iyon sa iba.



**Habang naglalaro, tumama ang bola mo sa bintana ng kapitbahay ninyo at nabasag iyon.**

- Tatakas ka.
- Sasabihin mo sa kapitbahay ang nangyari at mangangako kang babayaran mo ang nasira.
- Sisisihin mo ang iba.



**Bumagsak ka sa test dahil hindi ka nag-aral.**

- Sisisihin mo ang test.
- Aamingin kasalanan mo kung bakit ka bumagsak.
- Sasabihin mong may galit sa iyo ang titser mo.

**Ngayon, balikan ang tatlong senaryo at isiping ikaw ang (1) Daddy mo, (2) kapitbahay mo, at (3) titser mo.**

Ano kaya ang iisipin sa iyo ng iyong Daddy, kapitbahay, at titser kung aaminin mo agad ang iyong pagkakamali?

.....

.....

.....

.....

.....

Ano kaya ang iisipin nila sa iyo kung isisisi mo sa iba o itatago ang iyong mga pagkakamali?

.....

.....

.....

.....

.....

**Magsabi ng isang pagkakamaling nagawa mo noong nakaraang taon.**

Ano iyon?

.....  
.....  
.....

Ano'ng ginawa mo pagkatapos?

- Inilihim ko.
- Isinisi ko sa iba.
- Inamin ko agad.

Kung *hindi* ka naman umamin, ano'ng naramdaman mo?

- Ayos—nakalusot ako!
- Na-guilty—dapat inamin ko na lang.

Ano sana ang mas magandang ginawa mo?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....

Ano'ng natutuhan mo sa pagkakamali mo?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....

Ngayong taóng ito, ano'ng sisikapin mong gawin kapag nagkamali ka?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....



**Magbasa pa tungkol dito.**

Bilang karagdagang research, paghambingin ang pag-amin ni David ng kaniyang kasalanan sa 2 Samuel 12: 1-13 at ang pagmamatuwid ni Saul sa 1 Samuel 15: 10-26.

Pagkatapos, pag-isipan ito: Parehong hindi *agad* umamin si David at si Saul. Bakit kaya pinatawad ng Diyos na Jehova si David pero si Saul, hindi?